

# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN!

Mga Mensahe sa Pamublikong Pananagutan para sa mga Miyembro ng Komunidad  
Na-update noong Pebrero 2020

**Labanan ang takot gamit ang mga katotohanan.** May mga karapatan ka sa bansang ito saan ka man ipinanganak. Hinihikayat ka naming alamin pa ang tungkol sa iyong sitwasyon bago gumawa ng mga pagpapasyang maaaring makasama sa iyo o sa pamilya mo. **Mangalap ng impormasyon, magplano, at ibahagi ang impormasyong ito sa iba.**

1

## Hindi maapektuhan ang karamihan sa mga immigrant.

Hindi naapektuhan ng regulasyong ito ng DHS tungkol sa pamublikong pananagutan ang lahat ng immigrant. Hindi apektado ang mga refugee, asylee, survivor ng pagpupuslit, karahasan sa tahanan at iba pang malubhang krimen, at iba pang “makataong” immigrant. Ang mga benepisyong natatanggap kapag ang tao ay nasa isa sa mga katayuang ito ay hindi ibibilang laban sa kanila. Hindi apektado ang mga legal na permanenteng naninirahan (o “mga green card”) maliban kung aalis sila sa US nang lampas 180 araw at hilingin na pumasok ulit.

2

## Maraming pamublikong programa ang hindi isinasaalang-alang sa pagsusuri sa pamublikong pananagutan.

Hindi kasama sa pagsusuri sa pamublikong pananagutan ng DHS ang mga programa sa pagkain at nutrisyong pampalusog tulad ng WIC, CHIP, mga pagkain sa paaralan, bangko ng pagkain, shelter, tulong sa pangangalaga sa bata, pangangalagang pangkalusugang pinopondohan ng estado at lokal na pamahalaan at marami pang programa.

3

## Hindi ka awtomatikong maging pamublikong pananagutan dahil sa paggamit ng mga pamublikong programa.

Kailangang suriin ng mga opisyal ng immigration ang **lahat ng iyong sitwasyon** upang matukoy kung posible kang maging pamublikong pananagutan sa hinaharap. Kabilang dito ang iyong edad, kalusugan, kita, mga asset, mapagkukunan, edukasyon/kasanayan, pamilyang dapat mong suportahan, at pamilyang susuporta sa iyo. Ang mga positibong salik, tulad ng pagkakaroon ng trabaho o pangkalusugang insurance, ay maaaring maging kalamangan laban sa mga negatibong salik, tulad ng paggamit ng ilang partikular na benepisyo o pagkakaroon ng kundisyon sa kalusugan. Sa alinmang paraan, magkakaroon ka ng pagkakataon na ipakita kung bakit malamang na hindi ka aasa sa ilang partikular na benepisyo sa hinaharap

4

## Hindi ibibilang ang mga benepisyong ginagamit ng pamilya sa pagpapasya sa pampublikong pananagutan.

Maaaring gamitin ng mga miyembro ng pamilya na mamamayan ng U.S. ang mga programa sa nutrisyon, pagkain, o pabahay na tumutulong sa kanilang mamuhay. Ang mga benepisyo na natatanggap ng iyong anak ay hindi ibibilang laban sa iyo. Ang mga benepisyong kukunin mo para sa iyong mga anak o iba pang miyembro ng pamilya ay iba mula sa mga benepisyo na maaari mong matanggap para sa iyong sarili. Ang paglalagay ng iyong pangalan sa aplikasyon ng anak mo ay HINDI nangangahulugang nag-a-apply ka para sa mga benepisyo para sa iyong sarili.

5

## May mga batas na pumoprotekta sa personal na impormasyon ng mga aplikante at tagatanggap ng mga pampublikong benepisyo.

Pinoprotektahan sa pangkalahatan ng mga pederal at pang-estadong batas ang pagkapribado ng mga tao na nag-a-apply para sa o para makatanggap ng saklaw ng pangangalagang pangkalusugan, nutrisyon, suportang pang-ekonomiko, o iba pang pampublikong benepisyo. Ang mga aplikasyon para sa mga pampublikong programa ay hindi dapat humiling ng impormasyon tungkol sa katayuan sa immigration ng taong nag-a-apply para makakuha ng mga benepisyo para sa ibang tao sa kanilang pamilya o sa sambahayan. Ang mga ahensya para sa benepisyo ay maaaring magbahagi ng impormasyon sa iba pang ahensya ng gobyerno para lang sa layunin ng pamamahala sa kanilang mga programa, na may limitadong pagbubukod. Dapat mo lang ibigay ang impormasyong kinakailangan at kailanman ay hindi dapat magbigay ng anumang bagay na hindi tunay kapag sumasagot sa mga aplikasyon sa pampublikong benepisyo o humaharap sa anumang ahensya ng gobyerno.

# KUMILOS!

**Mangalap ng impormasyon, Gumawa ng plano.** Ang impormasyon ay kapangyarihan! Makakatulong sa iyo ang ilang mapagkukunan na matukoy kung maaapektuhan ka ng regulasyong ito. Alamin kung ano ang ibig sabihin ng bagong panuntunang ito sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.KeepYourBenefits.org](http://www.KeepYourBenefits.org) o <https://protectingimmigrantfamilies.org/know-your-rights/> at makipagtulungan sa iyong abugado at pamilya para matukoy kung paano makakaapekto sa iyo at sa pamilya mo ang mga pagbabagong ito.

**Palakasin Natin Ang Ating Sarili.** Nakadepende sa atin ang pagprotektahan sa ating mga pamilya at komunidad. Maaari nating iparinig ang ating mga boses sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga lokal, pang-estado, at pederal na opisyal na namamahala sa pagbuo ng mga patakaran na nakakaapekto sa atin. Kung kailangan mo ng libre o murang legal na tulong, maghanap ng mga organisasyon ng mga legal na serbisyo na malapit sa iyo sa: <https://www.immigrationadvocates.org/legaldirectory/>.